



Ano ang Plano ng Estado sa Pagbawas

Ang Plano ng Estado sa Pagbawas ng Panganib (State Hazard Mitigation Plan, SHMP o Plano) ay pangunahing gabay na dokumento sa pagbawas ng panganib ng California. Nagbibigay ito ng pagsusuri ng mga nakaraan at kasalukuyang panganib ng Estado, inilalarawan ang mga layunin at mithiin ng Estado sa pagbawas ng panganib at nagbibigay ng mga detalye ng mga estratehiya at aksyon ng Estado sa pagbawas ng panganib. Tumutukoy ang Plano sa pagtuon ng Estado sa komprehensibong estratehiya ng pagbawas para mabawasan o maalis ang mga posibleng panganib at apekto ng mga sakuna, isinusulong ang mas mabilis na pagbawi pagkatapos ng sakuna, binabawasan ang pagkamatay at pagkawala ng ari-arian, at gumagawa ng mas matatag na California.

Ina-update ang SHMP sa limang taong siklo gaya ng hinihiling sa (Batas para sa Tulong sa Sakuna at Tulong sa Emergency ng Robert T. Stafford (Robert T. Stafford Disaster Relief and Emergency Assistance Act) at pinahihintulutan ang Estado na ma-access ang mahalagang pagpopondo ng Pederal. Inilathala ng California ang una nitong SHMP noong 2004. Inilabas noong 2007, 2010, 2013 and 2018 ang Mga Kasunod na Plano. Pinapalitan ng SHMP ng 2023 ang SHMP ng 2018 at mag-eexpire ito sa Agosto 29, 2028.

Sa pag-apruba ng Plano, kinilala ng Pederal na Ahensya sa Pamamahala ng Emergency (Federal Emergency Management Agency, FEMA) ang California bilang isa sa 14 na estado na makakakuha ng pangalang ["Enhanced" State](#). Kinikilala ng "Enhanced" status ang pinangangasiwaan at maagap na mga pagsusumikap na ginagawa ng Estado para bawasan ang mga nawawala o pagkalugi mula sa mga panganib, protektahan ang buhay at ari-arian, at gumawa ng mas ligtas at mas matatag na mga komunidad. Ang mga Estado na nakakakuha ng "Enhanced" status ay nakakatanggap din ng karagdagang limang porsyento sa pagpopondo ng Programa ng Tulong na Salapi para sa Pagbawas ng Panganib (Hazard Mitigation Grant Program, HMGP) pagkatapos ng sakuna.

Bakit Mahalaga ang SHMP?

Dagdag pa sa pagtatakda ng mga layunin, estratehiya at mga aksyon para sa pagbawas para bawasan ng Estado ang pagkamatay, pagkawala ng ari-arian at ang kapaligiran mula sa mga sakuna, nagsisilbi rin ang SHMP bilang mapagkukunan para sa mga lokal na nagpapalano na bumubuo ng kanilang sariling mga plano sa pagbawas ng panganib. Mahalagang pagsisimulan din ang SHMP para sa mga lokal na hurisdiksyon na gustong maunawaan ang



mga panganib na kinakaharap nila at kung paano matutugunan ang mga ito.

Mahalaga rin ang SHMP para gawing karapat-dapat ang California na tumanggap ng ilang uri ng pederal na mga programa para sa sakuna at pagbawas ng panganib:

- [Programa ng Tulong na Salapi para sa Pagbawas ng Panganib \(Hazard Mitigation Grant Program, HMGP\)](#)
- [HMGP Pagkatapos ng Sunog \(HMGP Post Fire, HMGP-PF\)](#)
- [Programa para Gumawa ng Matibay na Imprastraktura at Mga Komunidad \(Building Resilient Infrastructure and Communities, BRIC\)](#)
- [Programa ng Tulong sa Pagbawas ng Pagbaha \(Flood Mitigation Assistance, FMA\)](#)
- [Programa ng Tulong na Salapi para sa Tulong sa Pamamahala ng Sunog \(Fire Management Assistance Grant, FMAG\)](#)
- [Pampublikong Tulong \(Public Assistance, PA\), Mga Kategoriya ng Permanenteng Trabaho \(Permanent Work Categories, Categories C-G\)](#)
- [Programa ng Tulong na Salapi para sa Rehabilitasyon ng Dike na May Potensyal sa Mataas na Panganib \(High Hazard Potential Dike, HHPD\)](#)
- [Paggastos na Iniutos ng Kongreso para sa Pagbawas Bago ang Sakuna \(Pre-Disaster Mitigation Congressionally Directed Spending, LPDM\)](#)

Tungkol sa Pag-assess sa Panganib

Mahalaga sa SHMP ang pag-assess sa panganib, na tumutukoy sa kung anong mga panganib ang alalahanin ng Estado at ina-assess ang mga posibleng epekto ng mga panganib na iyon sa mga tao, ari-arian, at kapaligiran ng California. Isinagawa ang Pag-assess sa Panganib ng SHMP ng 2023 gamit ang pinakamagandang available na datos at agham, isinasama ang mga inaasahan sa hinaharap at mga pagsasaalang-alang sa pagiging patas.

Tinutukoy ng Pag-assess sa Panganib ng SHMP ng 2023 ang:

- Mga panganib na posibleng makaapekto sa Estado.
- Kung aling mga bahagi at populasyon ang pinakamadaling maapektuhan ng mga panganib na ito.
- Maaaring magawa ng mga panganib na ito sa pisikal, panlipunan, pangkapaligiran at pang-ekonomikong mga asset.
- Magreresultang halaga ng pinsala o ang gastos na maaaring maiwasan sa pamamagitan ng mga pagsusumikap para sa pagbawas.



Ang Pag-assess sa Panganib ng SMHP ng 2023 ay maaaring magsilbing mahalagang mapagkukunan para sa mga lokal na hurisdiksyon sa sarili nilang mga pagsusumikap sa pagpapalano ng pagbawas. Halimbawa, ang Pag-assess sa Panganib ay maaaring:

- Magbigay ng impormasyon sa mga natural na panganib na kilala sa Estado.
- Malaman ang pangkalahatang lokasyon at mga aspeto sa pagiging madaling maapektuhan ng bawat panganib na maaaring mapahusay gamit ang lokal na datos.
- Maglatag ng mga halimbawa ng kasalukuyan at posibleng mga pagsusumikap sa pagbawas na maaaring isama ng mga residente sa sarili nilang mga aktibidad o pagpapalano ng pagbawas.

Ano ang nagbago sa SHMP ng 2023 mula sa Mga Nakaraang Plano?

Bagaman nakabalangkas sa ibaba ang mga pangunahing pagbabago sa pagitan ng SHMP ng 2018 at SHMP ng 2023, makakahanap ka ng mga karagdagang detalye sa Volume 1, Kabanata 1.4 ng SHMP ng 2023: “The Updated Plan—What is Different?” at Volume 2, Appendix E: “Differences from Previous Plan and Crosswalk for Plan Reviewers.”

Pagkakapantay-pantay at Mga Epekto sa Klima

Nagkabisang [Gabay na Patakaran ng Estado sa Pagpapalano ng Pagbawas \(State Mitigation Planning Policy Guide\)](#) noong 2023. Pinahuhusay ng gabay na ito ang mga paraan ng pagsama ng pagiging patas at mga pagsasaalang-alang sa klima sa pagpapalano ng estado sa pagbawas. Palaging nangunguna ang California sa pagsama ng mga temang ito sa SHMP, kung saan unang isinama noong 2007 ang klima at unang isinama ang pagiging patas noong 2018. Pinalawak ng SHMP ng 2023 ang mga pagsusumikap na iyon sa mga makabuluhang paraan gaya ng nabigyan ng kaalaman ng mga eksperto sa paksa sa Mga Equity and Climate Impacts Working Group.

Sinusuri ng SHMP ng 2023 ang mga panganib sa pangkalahatang populasyon at bilang partikular, sa mga komunidad na dapat bigyan ng prayoridad sa pagiging patas, habang nahaharap sila sa mga karagdagang hadlang at hamon na nakakadagdag ng posibilidad na maapektuhan ng mga panganib. Dagdag pa rito, ang porsyento ng na-expose na populasyon na



natukoy bilang nakatira sa mga komunidad na dapat bigyan ng prayoridad sa pagiging patas ay ginagamit bilang salik sa pagtukoy sa pangkalahatang rating sa epekto ng panganib ng bawat partikular na panganib. Tinukoy ng SHMP Equity Working Group ang 2018 Social Vulnerability Index (SVI) ng Centers for Disease Control and Prevention (CDC) bilang pinakamaasahang dataset na available noong nagsimula ang proseso ng pagpapalano ng SHMP. Ayon sa tala, isinasaalang-alang ng CDC SVI ang 15 salik sa lipunan mula sa datos na available sa publiko. Ginagamit ng SHMP ang dataset na ito para matukoy ang mga heograpikong lugar kung saan maaaring bigyan ng prayoridad ang mga pagsusumikap para matiyak ang patas na mga resulta.

Dagdag pa sa mga pagsasaalang-alang ng pagiging patas, isinasama rin ng rating ng epekto ng panganib ang mga epekto ng pagbabago ng klima sa bawat panganib. Mahalaga ito dahil nakakaranas na ang California ng pagbabago sa mga pattern ng klima, na nagreresulta sa mas matindi at pabago-bagong mga kondisyon sa panahon sa buong Estado. Ang pagsasaalang-alang sa mga epektong ito ay mahalaga sa pag-unawa sa kasalukuyang panganib at kung paano ito magbabago sa hinaharap.

Mga Panganib na Dapat Pagtuunan ng Pansin

Inilarawan ng SHMP ng 2018 ang 30 panganib. Dahil sa mga inuutos ng batas, lumilitaw na mga panganib mula ng paggawa ng SHMP ng 2018, at pagbago ng ayos, inilarawan ng SHMP ng 2023 ang 34 na panganib.

Hinahati ng SHMP ng 2023 ang mga panganib sa dalawang grupo:

1. Ang Mga Natural na Panganib na Dapat Pagtuunan ng Pansin
 - Nakaayos ayon sa mga analysis score ng rating ng epekto ng panganib.
 - Nakalista batay sa rating ng epekto ng panganib na isinasaalang-alang ang parehong kalidad at dami ng datos, kung saan mas lubhang mas matimbang ang dami ng data kapag available para sa partikular na panganib.
 - Kasama ang mga natural na panganib kung saan magbibigay ang FEMA ng pagpopondo sa tulong na salapi sa Tulong sa Pagbawas ng Panganib (Hazard Mitigation Assistance, HMA) para sa mga kwalipikadong aktibidad.



2. Iba Pang Mga Panganib na Dapat Pagtuunan ng Pansin

- Nakaayos ayon sa mga analysis score ng rating ng epekto ng panganib.
- Mas pinagtuunan ng pansin ang mga salik na kaugnay sa kalidad dahil sa hindi gaanong matibay na dami ng datos para sa ilang panganib.
- Mga mahalagang panganib na dapat isaalang-alang ngunit hindi kwalipikadong makatanggap ng pagpopondo ng tulong na salapi ng HMA para sa pagbawas.

Sa SHMP ng 2023, ang Natural na Mga Panganib na Dapat Pagtuunan ng Pansin ay inayos ayon sa sumusunod:

1. Lindol
2. Katabi ng Ilog, Sapa at Pagbaha ng Alluvium (Naipong Lupa)
3. Matinding Init
4. Matinding Lamig o Pagyeyelo
5. Wildfire
6. Matinding Hangin, Panahon, at Mga Bagyo
7. Pagtaas ng Level ng Dagat, Pagbaha sa Baybayin, at Pagguho ng Lupa
8. Landslide, Pag-agos ng Mga Debris, at Iba Pang Paggalaw ng Lupa o Bato
9. Tagtuyot
10. Tsunami at Seiche
11. Pagkasira ng Dike
12. Pagkasira ng Levee (Breakwater)
13. Pagguho ng Niyebe
14. Paglubog ng Lupa
15. Bulkan



Sa SHMP ng 2023, ang Iba Pang Mga Panganib na Dapat Pagtuunan ng Pansin ay inayos ayon sa sumusunod:

1. Sunog ng Istruktura sa Lungsod
2. Iba Pang Mga Posibleng Sanhi ng Pangmatagalang Kawalan ng Kuryente
3. Pagpatay ng Kuryente para sa Kaligtasan ng Publiko (Public Safety Power Shutoff, PSPS)
4. Terorismo
5. Polusyon sa Hangin
6. Kakulangan sa Enerhiya
7. Mga Cyber Threat
8. Pagkamatay ng mga Puno
9. Mga Mapanganib na Specie
10. Epidemya, Pandemya, at Sakit na Sanhi ng Bakterya, Virus, at Parasitiko
11. Kaguluhang Sibil
12. Mga Panganib ng Linya ng Tubo ng Natural Gas
13. Paglabas ng Mapanganib na Mga Materyal
14. Mga Aksidente sa Transportasyon na Nagreresulta sa Mga Pagsabog o Paglabas ng Lason
15. Pag-stimulate ng Balon at Paglalagay ng Tubig na Mataas ang Presyon (Hydraulic Fracturing)
16. Mga Oil Spill
17. Electromagnetic Pulse Attack
18. Mga Radiological na Aksidente
19. Geomagnetic Storm (Lagay ng Panahon sa Kalawakan)

Volume 1 at Volume 2:

Dati, mahabang dokumento ang SHMP – ang SHMP ng 2018 ay wala pang 1,100 pahina, at ang SHMP ng 2023 ay halos 2,000 pahina. Bagaman ang SHMP ay mahalagang dokumento na may malawak na paggagamitan sa buong Estado, ang haba ng Plano at ang masalimuot o teknikal na paksa ng nilalaman ay maaaring pigilan ang mga posibleng stakeholder na gamitin ang Plano para suportahan ang kanilang mga pagsusumikap.



Ang isang mahalagang paraan na pinahusay ng Cal OES ang kakayahang magamit ng SHMP ay ang paghati sa Plano sa dalawang volume. Ang Volume 1 ay ang Core Plan na nagbibigay ng mahalagang impormasyon na gumagamit ng simpleng salita na nagbibigay-diin sa pagiging madaling basahin at may kasamang mga salita na nauugnay sa isang glossary na makikita sa dulo ng Volume. Ang Volume 2 ay binubuo ng maraming teknikal na appendix at talahanayan ng datos na sumusuporta at pinalalawak ang impormasyon sa Volume 1.

Paano Na-update ang SHMP ng 2023?

Pinangasiwaan ng State Mitigation Planning (SMP) Unit ng Cal OES ang update ng SHMP ng 2023. Ang gawaing ito ay isinagawa sa mahigpit na pakikipagtulungan sa mga katuwang sa pederal, estado, Tribal Nation, lokal, hindi gobyerno at ang publiko. Kasama sa proseso ng update ang mahigit sa 100 pagpupulong para sa pangangasiwa kasama ng mga katuwang, humihingi ng mga mungkahi mula sa mga eksperto ng paksa sa mga partikular na panganib, at panahon sa pagbibigay ng komento ng publiko na nakatanggap ng mahigit sa 1,000 iba't ibang komento na naisumite.

Pinangangasiwaan din ng SMP Unit ang pagpapanatili at pagpapatupad ng SHMP. Kasama rito ang pagsubaybay sa progreso ng mga bagay na dapat aksyunan sa SHMP, pagtatala ng mga karagdagang pagsusumikap sa pagbawas na ginawa ng mga katuwang sa Estado, at pagsusuri kung paano nakakatulong ang gawain sa pagbawas na ito na makamit ang mga Layunin na isinaad sa SHMP. Sinasabi ng gawaing ito ang anumang pagbabago na kinakailangan sa SHMP sa mga update at ginagabayan ang mga bersyon ng Plano sa hinaharap.

Pakikibahagi at Mga Karagdagang Mapagkukunan

Ang SHMP ay kasing tibay ng natanggap na mungkahi at ang mga kasamang tao. Para maging bahagi ng proseso ng pagpapatupad ng SHMP o mga darating na update, o para sa anumang tanong, mangyaring kontakin ang SMP Unit sa SHMP@CalOES.ca.gov.

Para sa karagdagang mga mapagkukunan tungkol sa pagpapalano at pagpopondo para sa pagbawas, ang SHMP, at ang lokal na mga mapagkukunan para sa pagpapalano, pakibisita ang webpage ng [Cal OES Hazard Mitigation Planning Division](#).